**Ito ay Legal na Abiso na inaprubahan ng Korte. Hindi ito isang advertisement.**

*Tungkol sa: Paglilitis sa Equifax Inc. Customer Data Security Breach,*
Kaso Blg. 1:17-md-2800-TWT (N.D. Ga.)

# EQUIFAX DATA BREACH
# KASUNDUAN SA PAGKILOS NG GRUPO

## KUNG ANG INYONG PERSONAL NA IMPORMASYON AY NAAPEKTUHAN NG 2017 EQUIFAX DATA BREACH, MAAARING KARAPAT-DAPAT KAYO PARA SA MGA BENEPISYO MULA SA KASUNDUAN SA PAGKILOS NG GRUPO

Iminungkahi ang isang kasunduan sa pagkilos ng grupo sa isang kasong laban sa Equifax Inc., Equifax Information Services LLC, at Equifax Consumer Services LLC ("Equifax") na nauugnay sa data breach na inanunsyo ng Equifax noong Setyembre 2017 (ang "Data Breach"). Kung kayo ay Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, mayroong available na mga benepisyo para sa inyo mula sa iminungkahing kasunduan. **Ang pinakamadaling paraan upang magsumite ng paghahabol sa ilalim ng kasunduan ay sa pamamagitan ng online sa www.EquifaxBreachSettlement.com**. Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay karapat-dapat para sa mga benepisyo, bisitahin ang website o tumawag sa **1-833-759-2982.**

Bilang karagdagan sa iba pang mga benepisyo, hinihiling ng iminungkahing kasunduan sa Equifax na magtatag ng "Consumer Restitution Fund" na hindi bababa sa $380.5 milyon. Kabilang sa tulong sa kasunduan ang:

- Kabayarang Cash para sa mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa: Gagamitin ang Consumer Restitution Fund upang ibalik nang patas ang mga nasayang na bayad na Mula sa Sariling Bulsa na nauugnay sa Data Breach, kabilang ang mga halaga ng pagsubaybay ng credit at paglalagay o pagtatanggal ng pagpigil sa credit, nang hanggang $20,000 bawat tao ("Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa").

- Kabayarang Cash para sa Ginugol na Oras: Kabilang sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa ang kabayaran para sa ginugol na oras para ayusin ang panloloko, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, o iba pang maling paggamit ng inyong personal na impormasyon na sanhi ng Data Breach, o pagtigil at muling paggana ng mga ulat ng credit, at pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit, nang hanggang 20 oras sa $25 bawat oras ("Ginugol na Oras").

- Kabayarang Cash para sa Mga Produktong Subscription ng Equifax: Ang mga Miyembro ng Grupo ng Kasuduan na nagbayad para sa mga produktong subscription ng Equifax sa pagsubaybay ng credit o pagkakilanlan sa pagitan ng Setyembre 7, 2016 at Setyembre 7, 2017, ay makakatanggap nang hanggang 25% na balik-bayad para sa halagang ibinayad nila para sa mga serbisyo noong panahong iyon ("Balik-bayad sa Produktong Subscription").

- Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit: Karapat-dapat ang lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na mag-enroll nang hindi bababa sa apat (4) na taon ng mga serbisyo ng Experian

sa pagsubaybay ng credit nang walang bayad. Kabilang sa mga serbisyo ang araw-araw na pagsubaybay ng tatlong kawanihan sa iyong mga credit file, $1 milyong patakaran sa insurance sa pagnanakaw ng pagkakilanlan, at iba pang bagay na tinalakay sa ibaba ("Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit"). Maaari kayong maghabol para sa parehong mga kabayarang cash at Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit.

- Kabayarang Cash para sa Alternatibong Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit: Kung mayroon na kayong ilang pagsubaybay o proteksyon ng credit, o gustong kumuha ng ibang serbisyo sa pagsubaybay ng credit bago magsumite ng paghahabol, maaaring karapat-dapat kayo sa kabayarang cash nang hanggang $125 bilang alternatibo sa libreng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit ("Alternatibong Kabayaran"). Ang halagang matatanggap ninyo ay maaaring mababa kaysa $125 sa kalahatan (tingnan Tanong 17).

- Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan: Maaaring gumamit ang lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan ng tulong na ibinibigay ng Experian para sa serbisyo sa panunumbalik ng pagkakakilanlan, kabilang ang nakatalagang espesyalista sa panunumbalik ng ninakaw na pagkakakilanlan upang tumulong sa panunumbalik ng pagkakakilanlan sa panahon ng pitong (7) taon ("Mga Serbisyo sa Panunumbalik") kung kayo ay nakaranas ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko.

- Mga Pangako sa Kasanayan sa Negosyo ng Equifax: Sumang-ayon ang Equifax upang isagawa at panatiliin ang ilang mga kasanayan sa negosyo na nauugnay sa programa nito sa seguridad ng impormasyon, na susubaybayan ng isang malayang third party at maipapatupad sa korte.

| **ANG INYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON SA KASUNDUANG ITO** | | **DEADLINE** |
|---|---|---|
| **Maghain ng paghahabol para sa Nasayang na Bayad o Ginugol na Oras** | Maaari kayong magsumite ng isang paghahabol upang makatanggap ng balik-bayad para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa at/o Ginugol na Oras. Maaari kayong maghabol sa ilalim ng kasunduan ng Mga Serbisyo sa Nasayang na Bayad, Ginugol na Oras, at Pagsubaybay ng Credit.<br>Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang Mga Tanong 7-8. | **Enero 22, 2020**<br>**Para sa kasalukuyang nasayang na bayad at oras**<br>**Enero 22, 2024**<br>**Para sa masasayang na bayad at oras sa hinaharap** |
| **Maghain ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit o Alternatibong Kabayaran** | Kailangan ninyong magsumite ng paghahabol upang matanggap ang Libreng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit na ibinibigay sa ilalim ng kasunduan, o Alternatibong Kabayaran.<br>Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang Mga Tanong 8 at 10. | **Enero 22, 2020** |
| **Maghain ng** | Maaari kayong magsumite ng paghahabol upang | **Enero 22, 2020** |

| ANG INYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON SA KASUNDUANG ITO | | DEADLINE |
|---|---|---|
| **paghahabol para sa Balik-bayad sa Produktong Subscription** | makatanggap ng balik-bayad para sa Mga Balik-Bayad sa Produktong Subscription. | |
| **Access sa Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan** | Maa-access ninyo ang Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan pag natapos nang pagpasyahan ang kasunduan, nagsumite ka man ng paghahabol o hindi sa ilalim ng kasunduan.<br><br>Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang Tanong 11. | **Walang deadline. Magiging available ang mga serbisyo nang hindi bababa sa 7 taon.** |
| **Huwag isali ang sarili mula sa kasunduan** | Maaari ninyong hindi isali ang sarili ninyo mula sa kasunduan sa pamamagitan ng pagpapaalam sa Administrador ng Kasunduan na gusto ninyong “hindi sumali” sa kasunduan. Kung natapos ang pagpapasya ng kasunduan, ito lamang ang opsyon na papayag sa inyong panatiliin ang inyong mga karapatan upang hiwalay na masampahan ng kaso ang Equifax para sa mga paghahabol na nauugnay sa Data Breach. Kung kayo ay hindi sasali, hindi kayo maaaring gumawa ng paghahabol para sa mga benepisyo na nasa ilalim ng kasunduan.<br><br>Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang Mga Tanong 24. | **Nobyembre 19, 2019** |
| **Tumutol o magkomento sa kasunduan** | Maaari kayong tumutol sa kasunduan sa pamamagitan ng pagsulat sa Korte ng paliwanag kung bakit hindi dapat maaprubahan ang kasunduan. Kung kayo ay tumututol, mananatili kayong Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, at kung naaprubahan ang kasunduan, magiging karapat-dapat kayo sa mga benepisyo ng kasunduan at isusuko ninyo inyong karapatang magsampa ng kaso sa ilang paghahabol na tinukoy sa Napagkasunduang Kasunduan, na makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com.<br><br>Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang Mga Tanong 25. | **Nobyembre 19, 2019** |
| **Walang gagawin** | Kung kayo ay walang gagawin, maa-access pa rin ninyo ang Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan, ngunit walang karapatan sa anumang iba pang mga benepisyo na ibibigay sa | |

| ANG INYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT OPSYON SA KASUNDUANG ITO | | DEADLINE |
|---|---|---|
| | ilalim ng kasunduan. Kung natapos ang pagpapasya sa kasunduan, isusuko ninyo ang inyong mga karapatang hiwalay na magsampa ng kaso sa Equifax para sa mga paghahabol sa Data Breach o upang magpatuloy na habulin ang anumang nasabing mga kahilingang inyong na-file. | |

## ANO ANG MGA NILALAMAN NG ABISONG ITO


**Pahina**

**PANGUNAHING IMPORMASYON AT PANGKALAHATANG-IDEYA** ....... **4**

1. Ano ang abisong ito, at bakit ako nakakuha nito? ....... 4
2. Tungkol saan ang demandang ito? ....... 5
3. Bakit ito pagkilos ng grupo? ....... 5
4. Bakit mayroong kasunduan? ....... 5

**SINO ANG KABAHAGI NG KASUNDUAN** ....... **5**

5. Paano ko malalaman kung kabahagi ako ng kasunduan? ....... 5

**ANG MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN** ....... **6**

6. Ano ang ibinibigay ng kasunduan? ....... 6
7. Paano ako babayaran ng kasunduan para sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan na naranasan ko na o perang naibayad ko na upang maprotektahan ang aking sarili? ....... 6
8. Paano ako mapoprotektahan ng kasunduan laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan at panloloko sa hinaharap? ....... 8
9. Maaari bang gumawa ng paghahabol ang mga batang menor de edad para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit? ....... 8
10. Paano kung mayroon na akong mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan? ....... 9
11. Paano ako matutulungan ng kasunduan tungkol sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko kung mangyari ito? ....... 9
12. Paano kung sa hinaharap ay mayroon akong Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras dahil sa Equifax Data Breach? ....... 10
13. Anong mga paghahabol ang maaari kong gawin sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol? ....... 10

14. Isasama ba ng kasunduan ang mga pagbabago sa programa sa seguridad ng data ng Equifax? .......... 11
15. Ano ang mangyayari kung may matitirang pondo sa kasunduan? .......... 11
16. Ano ang mangyayari kung maubusan ng pera ang Consumer Restitution Fund? .......... 11
17. Maapektuhan ba ng bilang ng mga paghahabol ng iba ang cash na bayad sa akin? .......... 11

**PAANO MAKAKUHA NG MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN .......... 12**

18. Paano ako magpahahain ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, Ginugol na Oras, o Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa? .......... 12
19. Kailan at paano ko matatanggap ang mga benepisyo na hinahabol ko mula sa kasunduan? .......... 12

**MGA LEGAL NA KARAPATAN NA NARESOLBA SA PAMAMAGITAN NG KASUNDUAN .......... 13**

20. Anong isusuko kong karapatan upang manatili sa grupo ng kasunduan? .......... 13

**ANG MGA ABOGADONG KUMAKATAWAN SA NGALAN MO .......... 13**

21. Mayroon ba akong abogado sa kasong ito? .......... 13
22. Paano mababayaran ang mga abogadong ito? .......... 13
23. Makakatanggap ba ng anumang karagdagang pera ang mga kinatawan ng grupo? .......... 14

**PAGBUBUKOD NG SARILI NINYO MULA SA KASUNDUAN .......... 14**

24. Paano ko ibubukod ang sarili ko mula sa kasunduan? .......... 14

**PAGTUTOL O PAGKOMENTO SA KASUNDUAN? .......... 15**

25. Paano ko sasabihin sa Korte na gusto ko o ayoko sa kasunduan? .......... 15

**PAGKUHA NG HIGIT PANG IMPORMASYON .......... 16**

26. Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon? .......... 16

## PANGUNAHING IMPORMASYON AT PANGKALAHATANG-IDEYA

### 1. Ano ang abisong ito?

Pinahihintulutan ng Korte ang abisong ito upang ipagbigay-alam sa inyo na maaari kayong maapektuhan ng iminungkahing kasunduang ito. Tinutukoy ng abisong ito ang demanda, ang pangkalahatang tuntunin ng iminungkahing kasunduan at kung ano ang maaaring kahulungan nito sa inyo. Ipinaliliwanag rin ng abisong ito kung paano sasali, o hindi isali ang inyong sarili mula, sa kasunduan kung naapektuhan kayo ng Data Breach.

Para sa impormasyon kung paano matutukoy kung kayo ay Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, at samakatuwid ay karapat-dapat para sa mga benepisyong nasa ilalim ng kasunduang ito, tingnan ang Tanong 5.

## 2. Tungkol saan ang demandang ito?

Noong Setyembre 2017, nag-anunsyo ang Equifax na naging biktima ang mga system nito ng isang criminal cyberattack. Nakakuha ng ilegal na access ang mga attacker sa personal na impormasyon ng tinatayang 147 milyong mamimili sa U.S. Kasama sa impormasyong ito ang mga pangalan ng tao, Social Security number, petsa ng kapanganakan, address, at sa ilang sitwasyon ay mga numero ng driver's license, credit card, o iba pang personal na impormasyon.

Maraming demanda ang naihain sa ngalan ng mga mamimili na naapektuhan ang personal na impormasyon bilang resulta ng Data Breach. Si Chief Judge Thomas W. Thrash Jr. ng U.S. District Court ng Northern District ng Georgia ang namamahala sa mga demandang ito. Kinilala ang mga demandang ito na *Tungkol sa: Paglilitis sa Equifax Inc. Customer Data Security Breach*, Kaso Blg. 1:17-md-2800-TWT. Ang mga mamimiling nagsampa ng kaso ay tinawag na "Mga Nagsakdal." Ang Equifax, Inc., at ang dalawa sa subsidiary na ito ay ang "Mga Nasasakdal." Isinasaad ng mga nagsakdal na hindi sapat na naprotektahan ng Equifax ang personal na impormasyon ng mga mamimili at nahuli ang Equifax sa pagbibigay ng abiso tungkol sa data breach. Ang pinakabagong bersyon ng demanda, na inilalarawan ang partikular na mga legal na paghahabol ng nasabing Mga Nagsakdal, ay makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com. Itinatanggi ng Equifax ang anumang maling gawain, at walang korte o iba pang kinatawan ng hukuman ang nagsagawa ng anumang paghuhusga o iba pang pagtutukoy sa anumang maling gawain.

## 3. Bakit ito pagkilos ng grupo?

Sa isang pagkilos ng grupo, ang isa o higit pang tao na tinatawag na "mga kinatawan ng grupo" ang magsasampa ng kaso sa ngalan ng kanilang mga sarili at iba pang tao na may kaparehong mga paghahabol. Ang lahat ng taong magkakasamang ito ay ang "grupo" o "mga miyembro ng grupo." Dahil ito ay isang pagkilos ng grupo, kahit ang mga taong hindi naghain ng kanilang sariling demanda ay maaaring makakuha ng tulong mula sa pinsala na naging sanhi ng Data Breach, maliban sa mga indibidwal na hindi isinali ang kanilang mga sarili mula sa grupo ng kasunduan bago ang deadline.

## 4. Bakit mayroong kasunduan?

Hindi nagpasya ang Korte nang ayon sa Mga Nagsakdal o sa Equifax. Sa halip, nagkasundo ang parehong panig sa isang kasunduan pagkatapos ng mahabang pamamagitan na pinamahalaan ng retiradong pederal na husgado. Naiwasan ng mga kasunduan ang mga gastusin at walang katiyakan ng isang paglilitis at kaugnay na apela, habang mas mabilis na nakapagbigay ng mga benepisyo sa mga miyembreo ng grupo ng kasunduan. Naniniwala ang mga kinatawan ng grupo na itinalaga upang kumatawan sa grupo at ang mga abugado para sa grupo ng kasunduan ("Tagapayo ng Grupo," tingnan ang Tanong 21) na ang kasunduan ay para sa ikabubuti ng Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan.

## SINO ANG KABAHAGI NG KASUNDUAN

## 5. Paano ko malalaman kung kabahagi ako ng kasunduan?

Kayo ay Miyembro ng Grupo ng Kasunduan kung kasama kayo sa tinatayang 147 milyon na mamimili sa U.S. na natukoy ng Equifax na naapektuhan ng Equifax Data Breach ang personal na impormasyon.

Makukumpirma ninyo na kayo ay Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, at karapat-dapat para sa mga benepisyo, sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa secure na web page **https://www.EquifaxBreachSettlement.com**; o
- Pagtawag sa **1-833-759-2982**.

Ang mga hindi kasali sa kasunduan ay ang:

- Mga opisyal at direktor ng Equifax;
- Ang hukom at sinumang tauhan ng hukuman na namamahala sa demanda; at
- Sinuman sa Miyembro ng Grupo na hindi sumali (*tingnan* Tanong 24).

# ANG MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN

## 6. Ano ang ibinibigay ng kasunduan?

Magbabayad ang Equifax sa Consumer Restitution Fund nang hindi bababa sa $380,500,000. Gagamitin ang Consumer Restitution Fund upang:

- Magbayad ng cash para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa at Ginugol na Oras (*tingnan* Tanong 7);
- Pagbili ng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit (*tingnan* Tanong 8);
- Magbayad nang cash na Alternatibong Kabayaran sa Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na mayroon ng sariling saklaw ng pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagkakakilanlan bago gumawa ng paghahabol (*tingnan* Tanong 10);
- Magbayad ng cash para sa Balik-bayad sa Produktong Subscription;
- Bumili ng Mga Serbisyo ng Pagnunumbalik ng Pagkakakilanlan para sa lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, gumawa man sila o hindi ng paghahabol (*tingnan* Tanong 11);
- Bayaran ang mga nagastos sa pag-aabiso sa Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan at pamamahala sa kasunduan;
- Bayaran ang mga serbisyo ng Mga Kinatawan ng Grupo ng Kasunduan, bilang inaprubahan ng Korte (*tingnan* Tanong 23);
- Bayaran ang mga bayad sa abogado, ginastos, at gastusin, bilang inaprubahan ng Korte (*tingnan* Tanong 22).

Kung ubos na ang Consumer Restitution Fund, magbabayad ang Equifax nang karagdagang $125,000,000 upang bayaran ang Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa (*tingnan* Tanong 13).

Sumang-ayon rin ang Equifax na ipapatupad at pananatilihin ang ilang kasanayan sa negosyo kaugnay sa programa sa seguridad sa impormasyon nito (*tingnan* Tanong 14). Makikita ang detalyadong paglalarawan ng mga pangako sa kasanayan sa negosyo na ito sa Napakasunduan sa Kasunduan, na makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

## 7. Paano ako babayaran ng kasunduan para sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan na naranasan ko na o perang naibayad ko na upang maprotektahan ang aking sarili, at ang ginugol kong oras para sa mga bagay na iyon?

**Benepisyo ng Kasunduan: Kabayarang Cash para sa Ginugol na Oras**: Kung kayo ay gumugol ng oras sa (i) pagharap sa panloloko, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, o iba pang pinaghihinalaang maling paggamit sa inyong personal na impormasyon na sapat na nauugnay sa Data Breach, o (ii) nag-ingat (paglalagay o pagtatanggal ng tiyak na oras ng paghinto ng seguridad sa inyong ulat sa credit, o pagbili ng pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagkakakilanlan) na sapat na nauugnay sa Data Breach, maaari kayong paghahabol ng balik-bayad ng $25 bawat oras nang hanggang 20 oras.

Maaari kayong makatanggap ng balik-bayad nang hanggang 10 oras sa halagang $25 bawat oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng paglalarawan ng (i) pagkilos na ginawa bilang tugon sa Data Breach sa pagharap sa maling paggamit ng inyong impormasyon o pagsasagawa ng pag-iingat at (ii) oras na nauugnay sa mga pagkilos na iyon. Kailangan ninyong patunayan na totoo ang paglalarawan. Ang mga may bisang paghahabol para sa Ginugol na Oras ay maibabalik sa dagdag na 15-minuto, na may hindi bababa sa pagbabalik na 1-oras sa bawat kahilingan.

Upang maghabol ng pagbabalik nang mahigit sa 10 oras ng Ginugol na Oras, kailangan ninyong magbigay ng makatwirang dokumentasyon ng panloloko, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, o iba pang pinaghihinalaang maling paggamit ng inyong personal na impormasyon na sapat na nauugnay sa Data Breach (*hal.*., sulat mula sa IRS o ulat mula sa bangko o pulis).

Kung may higit pa sa $31 milyon sa mga paghahabol para sa Ginugol na Oras na ginawa sa Paunang Panahon ng Mga Kahilingan (*tingnan* Tanong 12), ang lahat ng kabayaran para sa Ginugol na Oras ay ibababa at ibibigay sa kaukulang batayan (*tingnan* Tanong 17). Ang ilang mga paghahabol para sa Ginugol na Oras ay magagawa rin sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol, nang hanggang sa kabuuang limitasyon para sa Ginugol na Oras sa Mga Pauna at Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol ng $38 milyon sa mga kahilingan.

Ang deadline upang maghain ng paghahabol para sa oras na inyong ginugol na bilang resulta ng Data Breach ay sa **1/22/2020**. Ang deadline upang maghain sa hinaharap ng mga karapat-dapat na paghahabol para sa ginugol ninyong oras bilang resulta ng Data Breach ay sa **1/22/2024** (*tingnan* Mga Tanong 12).

**<u>Benepisyo ng Kasunduan: Kabayaran para sa Mga Hindi pa Naibabalik na Bayad sa Nasayang na Bayad</u>**: Kung nagbayad kayo upang harapin ang panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan na sapat na nauugnay sa Data Breach, o upang maprotektahan ang inyong sarili mula sa pinsala sa hinaharap, maaari kayong magsumite ng paghahabol para sa balik-bayad nang hanggang $20,000 (kasama ang inyong paghahabol para sa Ginugol na Oras). Ang Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa na karapat-dapat para sa balik-bayad ay maaaring kasama, nang walang limitasyon, ang mga sumusunod:

- Perang naibayad noong o pagkaraan ng Setyembre 7, 2017, na nauugnay sa paglalagay o pagtanggal ng paghinto ng seguridad sa inyong ulat ng credit sa anumang kawanihan ng nag-uulat ng credit;
- Mga ibinayad ninyo sa pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan noong o pagkaraan ng Setyembre 7, 2017;
- Mga hindi naibalik na bayad, gastusin, nasayang o singiling binayaran ninyo noong o pagkaraan ng Mayo 13, 2017, dahil sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, maling balik-buwis, o iba pang pinaghihinalaang maling paggamit ng inyong personal na impormasyon;
- Iba pang gastos kaugnay sa anumang Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa gaya ng pagpapanotaryo, fax, postage, pagpapakopya, biyahe, at mga singiln sa long-distance na tawag;
- Mga bayad na pang-propesyunal na nagastos kaugnay sa paglutas sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, panloloko, o maling balik-buwis; at
- Hanggang 25% balik-bayad ng perang ibinayad ninyo para sa mga produkto sa subscription ng Equifax sa pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa pagitan ng Setyembre 7, 2016 at Setyembre 7, 2017.

Mga halimbawa lamang ang ibinibigay ng listahan na ito, at ang iba pang mga nasayang o gastos na sapat na nauugnay sa Data Breach ay maaari ring karapat-dapat para sa balik-bayad. Pumunta sa www.EquifaxBreachSettlement.com o tumawag sa 1-833-759-2982.

Magpapasya ang Administrador ng Kasunduan kung wasto ang inyong paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa. Tanging ang mga wastong paghahabol lamang ang babayaran. Ang deadline upang maghain ng paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa ninyo ay sa **1/22/2020**. Ang ilang mga paghahabol sa hinaharap para sa mga nasayang bilang resulta ng Data Breach ay maaaring gawin sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol (tingnan Tanong 12). Ang deadline upang maghain ng mga paghahabol na iyon ay sa **1/22/2024**.

## 8. Paano ako mapoprotektahan ng kasunduan laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan at panloloko sa hinaharap?

**<u>Benepisyo ng Kasunduan: Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit</u>**: Nagbibigay ang kasunduan ng paraan upang maprotektahan ninyo ang inyong sarili mula sa walang pahintulot na paggamit ng inyong personal na impormasyon. Maaaring magsumite ng paghahabol ang Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan upang mag-enroll nang hindi bababa sa apat na (4) taon sa mga serbisyo ng tatlong kawanihan sa pagsubaybay ng credit, na ibinibigay ng Experian, nang walang bayad. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga sumusunod na bagay:

- Pagbibigay ng abiso sa pagbabago sa ulat sa inyong credit ng tatlong kawanihan sa pagsubaybay ng credit sa lahat ng tatlong pambansang kawanihan sa credit;
- Hanggang $1 millyong dolyar sa insurance na sumasaklaw sa mga gastos kaugnay sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko;
- Real-time na pag-abiso sa mga tanong tungkol sa credit at iba pang pag-abiso;
- On-demand na online access sa libreng kopya ng ulat ng isang kawanihan sa credit, na ina-update sa buwanang batayan;
- Ang CyberAgent® Dark Web Monitoring na sumusubaybay sa aktibidad sa internet para sa palitan o bentahan ng inyong personal na impormasyon;
- Suporta sa customer na ibinibigay ng Experian; at
- Marami pang ibang bagay na inilalarawan sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

Kung gagawa kayo ng wastong paghahabol at mag-enroll sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, maaari rin ninyong piliing mag-enroll nang hanggang anim na (6) taon ng mga serbisyo ng isang kawanihan sa pagsubaybay ng credit na ibinibigay ng Equifax na magsisimula pag natapos ang Mga Serbisyo ng tatlong kawanihan sa Pagsubaybay ng Credit. Isasama ng serbisyo ng isang kawanihan sa pagsubaybay ng credit na ito ang automated na mga online alert para sa mga pangunahing pagbabago sa ulat ng inyong Equifax credit, on-demand na online access sa ulat ng inyong Equifax credit na ina-update sa buwanang batayan, at, kung hihilingin ninyo, ay ang pagsubaybay sa internet na kasama ang paghahanap sa kahina-hinalang mga website para sa inyong Social Security number. Kailangan ninyong sumali sa mga serbisyong ito ng isang kawanihan kapag nagsumite kayo ng inyong paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, at padadalhan kayo ng mga tagubilin kung paano mag-enroll sa pagsubaybay ng isang kawanihan bago magtapos ang inyong Mga Serbisyo ng tatlong kwanihan sa Pagsubaybay ng Credit. Ang halaga ng serbisyong ito ay hiwalay na babayaran ng Equifax, hindi manggagaling mula sa Consumer Restitution Fund.

Ang impormasyon tungkol sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay para sa mga batang menor de edad ay nasa Tanong 9.

**Ang deadline para sa lahat ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit ay sa 1/22/2020**.

Kung nagsumite kayo ng wastong form ng paghahabol at piniling mag-enroll sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, makakatanggap kayo ng mga tagubilin sa pag-e-enroll sa pamamagitan ng email pagkatapos maaprubahan ang kasunduan. Maaari kayong gumawa ng paghahabol para sa balik-bayad sa parehong Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa at/o Ginugol na Oras at Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit.

## 9. Maaari bang gumawa ng paghahabol ang mga batang menor de edad para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit?

**Benepisyo ng Kasunduan: Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit para sa Mga Batang Menor de Edad**: Ang magulang o legal na tagapag-alaga ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na menor de edad (mas bata sa edad 18 taong gulang) ay maaaring gumawa ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit sa ngalan ng bata sa ilalim ng kasunduan. Habang mas bata sa 18

taong gulang ang Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, makakatanggap sila ng maliliit na mga serbisyo sa pagsubaybay bilang mga sumusunod: mga alerto kapag lumalabas ang ilang personal na data sa mga kahina-hinalang website, kabilang ang mga underground website na kilala bilang "dark web;" mga alerto kapag nauugnay ang Social Security number sa mga bagong pangalan o ang paggawa ng ulat ng mamimili sa isa o higit pa sa tatlong pambuong bansang Kawanihan sa Pag-uulat sa Mamimili; at Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan kapag napapahamak na ang pagkakakilanlan ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na mas bata sa edad 18 taong gulang. Kapag naging edad 18 taong gulang na, maaaring mag-enroll ang Miyembro ng Grupo ng Kasunduan sa buo ng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit. Kung ang Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na mas bata sa edad 18 taong gulang ay may Experian credit file na may sapat na detalye upang pahintulutan ang pagpapatunay, maaaring i-enroll sila ng magulang o legal na tagapag-alaga sa buo ng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit bago ang kanilang pang-labingwalong taong kaarawan.

Bilang karagdagan, maaaring piliin ng magulang o legal na tagapag-alaga upang i-enroll ang menor de edad sa mga serbisyo ng isang kawanihan sa pagsubaybay ng credit na ibinibigay ng Equifax na magsisimula pag natapos na ang Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit para sa panahong hanggang 14 na taon. Habang mas bata sa 18 taong gulang ang Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, makakatanggap sila ng maliliit na mga serbisyo sa pagsubaybay bilang mga sumusunod: mga alerto kapag lumalabas sa kahina-hinalang website ang ilang bagay sa data gaya ng Social Security number na isinumite para sa pagsubaybay, kabilang ang mga underground website na kilala bilang "dark web;" para sa mga menor de edad na walang Equifax credit file, isang file na ginawa, naka-lock, at sinusubaybayan, at para sa mga menor de edad na may Equifax credit file, ang kanilang credit file ay naka-lock at sinusubaybayan. Saklaw ng 18 taon nang magkasama ang Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit ng Experian at ang opsyonal na isang kawanihan sa pagsubaybay ng credit na ibinibigay ng Equifax.

Kailangang isali ng magulang o legal na tagapag-alaga ang menor de edad upang matanggap ang mga serbisyo ng isang kawanihan kapag nagsusumite ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, at padadalhan ng mga tagubilin ang magulang at legal na tagapag-alaga kung paano mag-enroll sa pagsubaybay ng isang kawanihan bago matapos ang Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit. Ang halaga ng mga serbisyong ito ay hiwalay na babayaran ng Equifax, hindi manggagaling mula sa Consumer Restitution Fund.

### 10. Paano kung mayroon na akong mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit o mga serbisyo sa proteksyon sa pagkakakilanlan?

**Benepisyo ng Kasunduan: Alternatibong Kabayarang Cash**: Kung mayroon na kayong ilang iba pang uri ng mga serbisyo sa pagsubaybay o proteksyon sa credit, at hindi nakukuha ang libreng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit na available sa pamamagitan ng kasunduan, maaari kayong maghain ng paghahabol para sa Alternatibong Balik-bayad nang hanggang $125. Upang maghabol ng Alternatibong Balik-bayad kailangan ninyong patotohanan na mayroon kayong ilang uri ng serbisyo sa pagsubaybay o proteksyon ng credit sa petsa kung kailan ninyo isinumite ang inyong form ng paghahabol, pangalan ng nagbigay ng mga serbisyong iyon, at patunayan na mananatili kayo sa mga serbisyong iyon nang hindi bababa sa anim na (6) buwan. Ang halagang matatanggap ninyo ay maaaring mas mababa kaysa $125 sa kalahatan, depende sa bilang ng naka-file na paghahabol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan at opsyon, kabilang ang karapatang hindi isali ang inyong sarili sa kasunduan, tingnan ang Tanong 24 sa ibaba.

Dapat ninyong tandaan iyon:

- **Ang deadline para sa lahat ng paghahabol para sa Alternatibong Balik-bayad ay sa 1/22/2020**.
- Kung maghahabol kayo sa Alternatibong Balik-bayad, hindi na kayo maaaring kumuha ng libreng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit.
- Kung maghahabol kayo ng Alternatibong Balik-bayad, hindi na rin kayo makakakuha ng balik-bayad para sa pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay o proteksyon sa credit na sasaklaw sa panahong 6-buwan pagkatapos ninyong gawin ang inyong paghahabol. Gayunpaman, maaari pa rin kayong gumawa ng iba pang paghahabol para sa Ginugol na Oras o Nasayang na Bayad Mula sa Sariling Bulsa.
- Mayroong higit sa $31 milyong paghahabol para sa Alternatibong Balik-bayad, ibababa ang lahat ng bayad para sa Alternatibong Balik-bayad at ipamamahagi sa kaukulang batayan. **Ang halagang matatanggap ninyo ay maaaring mababa kaysa $125 sa kalahatan.**

## 11. Paano ako matutulungan ng kasunduan tungkol sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko kung mangyari ito?

**Benepisyo ng Kasunduan: Mga Libreng Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan**: Makakatanggap ng access ang lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan sa Mga Serbisyong Tulong sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan kung nakaranas sila ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Ibibigay ng Experian ang mga serbisyong ito sa loob ng pitong (7) taon. Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Access sa U.S. based call center na nagbibigay ng mga serbisyo kaugnay sa pagpapanumbalik ng pagkakakilanlan.
- Pagtatalaga ng isang sertipikadong Espesyalista sa Panunumbalik ng Ninakaw na Pagkakakilanlan upang tulungan kayo sa paglutas ng isang pagnanakaw ng pagkakakilanlan.
- Tulong sa hakbang-hakbang na proseso upang makipag-usap sa mga kumpanya, ahensya ng pamahalaan, at kawanihan ng credit.

Maaaring gamitin ng lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan ang access sa Mga Serbisyo sa Tulong sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan pag natapos na ang pagpapasya ng kasunduan, kahit na hindi kayo kailanman gumawa ng paghahabol mula sa kasunduang ito, sa pamamagitan ng pagpunta sa www.EquifaxBreachSettlement.com, o pagtawag nang toll free 1-833-759-2982.

## 12. Paano kung sa hinaharap ay mayroon akong Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras dahil sa Equifax Data Breach?

Ang lahat ng paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras na nangyari na ay dapat magawa bago ang **1/22/2020**.

Kung may pera pa sa Consumer Restitution Fund pagkatapos ng lahat ng paunang bayad, mayroong "Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol" na papayagan kayong gumawa ng ilang paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras na nangyari pagkatapos ang deadline ng mga paunang paghahabol. **Ang lahat ng nasabing paghahabol ay dapat na magawa bago ang 1/22/2024 at babayaran sa batayang first-come-first-served**.

Sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol, maaari kayong humiling ng balik-bayad para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras (ngunit hindi sa nawalang pera at oras na nauugnay sa mga pagpapahinto o pagtuloy ng mga ulat sa credit o pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay o proteksyon sa credit) kung mapapatunayan ninyo na wala pa kayong natatanggap na balik-bayad para sa hinahabol na kawalan.

## 13. Anong mga paghahabol ang maaari kong gawin sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol?

Kung nagkabisa na ang Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol bilang tinukoy sa Tanong blg. 12, maaari kayong humiling ng balik-bayad para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras na nagamit sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol (hindi kabilang ang mga nawalang pera at oras na nauugnay sa paglalagay o pag-alis ng paghinto ng seguridad sa inyong mga ulat sa credit o pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit o proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan) kung mapapatunayan ninyo na wala kayong natanggap na balik-bayad para sa hinahabol na kawalan.

**Hindi kayo maaaring gumawa ng anuman sa mga sumusunod na paghahabol sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol:**

- Mga paghahabol para sa libreng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit (tingnan Tanong 8).
- Mga paghahabol para sa cash na Alternatibong Kabayaran para sa pagsubaybay o proteksyon ng credit (tingnan Tanong 10).
- Mga paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa o Ginugol na Oras na nauugnay sa pagpapatigil o pag-alis sa pagkakatigil ng mga ulat sa credit o pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay o proteksyon ng credit.

## 14. Isasama ba ng kasunduan ang mga pagbabago sa programa sa seguridad ng data ng Equifax?

**Benepisyo ng Kasunduan: Mga Pangako sa Kasanayan sa Negosyo sa Seguridad ng Data ng Equifax**: Sumang-ayon ang Equifax upang akuin, bayaran, ipatupad, at panatiliin ang tahasang Mga Pangako sa Kasanayan sa Negosyo na nauugnay sa seguridad sa impormasyon sa loob ng limang (5) taon. Makikita ang detalyadong paglalarawan ng mga pangako sa kasanayan sa negosyo na ito sa Napakasunduan sa Kasunduan, na makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com. Ang mga pangakong ito ay tatasahan ng isang malayang third party at ipapatupad ng korte. Hindi rin magpapatupad ng anumang pagkakaloob ng pakikipagtalo ang Equifax sa anumang produkto ng Equifax na inalok bilang tugon sa Data Breach sa panahon ng petsang napagkasunduan ng kasunduan o na ibinigay sa ilalim ng kasunduan.

## 15. Ano ang mangyayari kung may matitirang pondo sa kasunduan?

Ang Consumer Restitution Fund ay gagamitin upang bayaran ang mga paunang paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa at Ginugol na Oras, para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit at Alternatibong Kabayaran, para sa Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan, para sa mga gastos sa pang-administratibo at abiso, at para sa mga bayad sa

serbisyo ng kinatawan ng grupo at kabayaran sa mga abogado at mga gastusin bilang inaprubahan ng Korte.

- Kung mayroon pang natirang mga pondo sa kasunduan, babayaran ang mga wastong paghahabol na ginawa sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol sa batayang first-come-first-served.
- Kung mananatili ang pondo ng kasunduan, aalisin ang limitasyon sa bayad para sa Ginugol na Oras (*tingnan* Tanong 7) at Alternatibong Kabayaran (*tingnan* Tanong 10) (kung naaangkop) at ang mga kabayarang iyon ay pantay-pantay na itataas hanggang sa buong halaga ng naaprubahang mga paghahabol para sa Ginugol na Oras at Alternatibong Kabayaran.
- Kung ang pondo ng kasunduan ay mananatili, magiging available nang hanggang tatlong (3) karagdagang taon ang Mga Serbisyo sa Panunumbalik ng Pagkakakilanlan sa lahat ng Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, nagsagawa man sila ng paghahabol o hindi sa ilalim ng kasunduan.
- Kung mananatili ang mga pondo ng kasunduan, ibibigay ang karagdagang Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit (na binili nang hati-hati ng isang buwan) sa Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na naghabol ng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit.
- Kung mananatili ang pondo ng kasunduan, hahatiin ng korte ang mga natirang pondong iyon para sa panunumbalik at pagtatama ng mamimili, ngunit walang pera ang ibabalik sa Equifax.

### 16. Ano ang mangyayari kung maubusan ng pera ang Consumer Restitution Fund?

Kung ang mga kabayaran na nasa Consumer Restitution Fund na tinukoy sa Tanong 6 ay maubos, magdadagdag ang Equifax nang hanggang $125,000,000 na kailangan upang mabayaran ang mga wastong paghahabol para sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa.

### 17. Maaapektuhan ba ng bilang ng mga paghahabol ng iba ang bayad sa akin?

Kung mayroon kayong kahilingan o humiling ng benepisyong cash para sa Ginugol na Oras at/o Alternatibong Balik-bayad, ang halagang matatanggap ninyo ay maaaring bumaba sa kalahatan depende kung ilang mga wastong paghahabol ang naisumite ng ibang miyembro ng grupo. Batay sa bilang ng potensyal na mga wastong paghahabol na naisumite sa oras na ito, ang mga kabayaran sa mga benepisyong ito ay malamang na bababa sa kalahatan at ipapamahagi sa kaukulang batayan kung mapagpasyahan ang kasunduan. Depende sa bilang ng karagdagang mga wastong paghahabol na nai-file, ang halagang matatanggap ninyo para sa Ginugol na Oras o Alternatibong Balik-bayad ay maaaring maliit na porsyento ng inyong paunang paghahabol.

## PAANO MAKAKUHA NG MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN

### 18. Paano ako maghahain ng paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, Ginugol na Oras, o Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa?

Upang makakuha ng Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit o maghain ng paghahabol para sa balik-bayad para sa Ginugol na Oras o Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa na sapat na natukoy sa Data Breach, kakailanganin ninyong maghain ng form ng paghahabol. Mayroong dalawang opsyon para sa paghain ng mga paghahabol:

(1) Maghain nang Online: Maaari ninyong sagutan at isumite online ang form ng paghahabol sa www.EquifaxBreachSettlement.com. Ito ang pinakamabilis na paraan upang maghain ng paghahabol.

(2) Maghain sa pamamagitan ng Koreo: Bilang alternatibo, maaari ninyong sagutan ang form ng paghahabol na kasama sa abisong ito at ipadala ito sa address na nasa form na may kasamang dokumentong pangsuporta, kung mayroon. Maaari kayong mag-download ng hard copy ng form ng paghahabol (makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com), o humingi sa Administrador ng Kasunduan na ipadala sa koreo ang form sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-759-2982. Punan ang inyong form sa paghahabol at ipadala ito sa pamamagitan ng koreo: Equifax Data Breach Litigation Claims, c/o JND Legal Administration, P.O. Box 91318, Seattle, Washington, 98111-9418.

Ang deadline upang maghain ng paghahabol ay sa **1/22/2020** (ito ang huling araw upang maghain online at ang naka-postmark na deadline para sa mga naipadala sa koreo na paghahabol).

Upang punan at magsumite ng form ng paghahabol sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol (tingnan Tanong 13), kailangan ninyong i-access at isumite ang form sa paghahabol sa Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol online sa www.EquifaxBreachSettlement.com; o tawagan ang Administrador ng Kasunduan at humingi ng hard copy ng form ng paghahabol ng Pinalawig na Panahon ng Mga Paghahabol na masasagutan at maibabalik sa pamamagitan ng koreo.

## 19. Kailan at paano ko matatanggap ang mga benepisyo na hinahabol ko mula sa kasunduan?

**Magsisimula ang Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit na hinahabol ng Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, at ang mga kabayaran para sa mga wastong paghahabol ay ibibigay, pagkatapos na dumating ang Korte sa huling paghuhusga at mapagpasyahan na ang kasunduan. Maaaring magtagal ito nang ilang buwan o higit pa, mangyaring huwag mainip. Sa sandaling mayroon ng huling paghuhusga, ipo-post ito sa website ng Administrador ng Kasunduan.**

Kung kayo ay may wastong paghahabol para sa Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit, padadalhan kayo ng Administrador ng Kasunduan ng impormasyon kung paano paganahin ang inyong pagsubaybay ng credit sa sandaling napagpasyahan na ang kasunduan. Bibigyan kayo ng Administrador ng Kasunduan ng isang activation code at link sa Experian website kung saan maaari ninyong i-enroll at paganahin ang inyong Mga Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit.

Ipapadala ng Administrador ng Kasunduan sa address na padadalhan na inyong ibinigay ang mga tseke o pre-paid card para sa mga wastong paghahabol sa Mga Nasayang na Bayad na Mula sa Sariling Bulsa, Ginugol na Oras, at Alternatibong Kabayaran.

## MGA LEGAL NA KARAPATAN NA NARESOLBA SA PAMAMAGITAN NG KASUNDUAN

### 20. Anong isusuko kong karapatan upang manatili sa grupo ng kasunduan?

Kung kayo ay gumawa ng paghahabol sa ilalim ng kasunduan, o kung wala kayong ginawa, isusuko ninyo ang lahat ng inyong legal na paghahabol na nauugnay sa Data Breach laban sa Equifax kapag napagpasyahan na ang kasunduan. Sa pagsuko ninyo ng inyong mga legal na paghahabol, isinusuko ninyo ang karapatan ninyong maghabla, o magpatuloy sa paghahain, at hiwalay na legal na paghahabol laban sa o maghanap ng karagdagang kabayaran mula sa Equifax mula sa anumang pinsala na nauugnay sa Data Breach—alam man ninyo o hindi ang mga paghahabol na iyon.

Maliban kung hindi ninyo isinali ang inyong sarili mula sa kasunduan (tingnan Tanong 24), may bisa sa inyo ang lahat ng pasya ng Korte. Ibig sabihin na may bisa sa inyo ang mga tuntunin ng kasunduan at kasamang mga utos ng korte, at hindi maaaring magdemanda o maging bahagi ng isa pang demanda laban sa Equifax tungkol sa Data Breach.

Tinutukoy ng mga talata 6-7 ng Napagkasunduang Kasunduan ang mga paghahabol na inilabas ng Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan na ibinilang ang sarili nila sa kasunduan. Maaari ninyong ma-access ang Napagkasunduang Kasunduan at basahin ang tukoy na mga detalye ng mga legal na paghahabol na inilabas sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong, maaari ninyong tawagan ang Administrador ng Kasunduan (tingnan Tanong 26).

## ANG MGA ABOGADONG KUMAKATAWAN SA NGALAN MO

### 21. Mayroon ba akong abogado sa kasong ito?

Oo. Itinalaga ng Korte ang mga sumusunod na abogado upang kumatawan sa ngalan ninyo at sa iba pang Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan bilang “Tagapagpayo ng Grupo.”

Norman E. Siegel
**STUEVE SIEGEL HANSON LLP**
460 Nichols Road, Suite 200
Kansas City, MO 64112

Amy E. Keller
**DICELLO LEVITT GUTZLER LLC**
Ten North Dearborn Street, 11th Floor
Chicago, IL 60602

Roy E. Barnes
**THE BARNES LAW GROUP, LLC**
31 Atlanta Street
Marietta, GA 30060

Kenneth S. Canfield
**DOFFERMYRE SHIELDS CANFIELD & KNOWLES, LLC**
1355 Peachtree Street, N.E., Suite 1725
Atlanta, GA 30309

Hindi kayo sisingilin ng mga abogadong ito para sa kanilang serbisyo sa kaso. Kung gusto ninyong maikatawan ng inyong sariling abogado, maaari kayong kumuha ayon sa sarili ninyong gastos.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa paggawa ng paghahabol, pakitawagan ang Administrador ng Kasunduan (tingnan Tanong 17).

## 22. Paano mababayaran ang mga abogadong ito?

Tinanggap ng Tagapagpayo ng Grupo ang kasong ito sa contingency-fee basis, ibig sabihin na binayaran na nila ang lahat ng gastusin sa kaso at hindi sila babayaran ng anumang halaga kaugnay sa kanilang serbisyo sa kaso. Hihingin ng Tagapagpayo ng Grupo, nang naaayon, sa Korte na bigyan sila ng bayad sa abugado nang hanggang $77,500,000 at balik-bayad para sa mga gastusin at bayarin nang hanggang $3,000,000 na manggagaling sa Consumer Restitution Fund. Pagpapasyahan ng Korte ang halaga ng bayad at gastusin at bayarin na babayaran. Hindi ninyo kailangang magbayad ng anumang halaga nang hiwalay sa mga bayaring ito. Ang kahilingan ng Tagapagpayo ng Grupo para sa mga bayad at bayarin ng mga abugado (na dapat ay naaprubahan ng Korte) ay ihahain sa 10/29/2019 at makikita sa website ng kasunduan sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

## 23. Makakatanggap ba ng anumang karagdagang pera ang mga kinatawan ng grupo?

Ang mga kinatawan ng grupo sa pagkilos na ito ay nakalista sa Napagkasunduang Kasunduan, na makikita sa www.EquifaxBreachSettlement.com. Hihilingin ng Tagapagpayo ng Grupo sa Korte na bigyan ang mga indibidwal na ito ng "mga bayad sa serbisyo" sa halagang $2,500 bawat isa sa oras na iginugol nila, at sa panganib na pinagdaanan nila, sa paghain ng demandang ito sa ngalan ng grupo. Kailangang inaprubahan rin ng Korte ang halagang ito. Ang anumang halaga na inaprubahan ng Korte ay manggagaling mula sa Consumer Restitution Fund.

# PAGBUBUKOD NG SARILI NINYO MULA SA KASUNDUAN

## 24. Paano ko ibubukod ang sarili ko mula sa kasunduan?

Kung kayo ay miyembro ng grupo ng kasunduan ngunit ayaw na manatili sa grupo, maaari ninyong alisin ang sarili ninyo mula sa grupo (na tinatawag ring "hindi pagsali"). Kung hindi ninyo isasali ang inyong sarili, mawawala ang anumang karapatan ninyong sumali sa kasunduan, kabilang ang anumang karapatang makatanggap ng mga nakalistang benepisyo sa abisong ito.

Kung nagpasya kayo sa opsyong ito, maaari ninyong mapanatili ang anumang mga karapatang mayroon kayo, kung mayroon, laban sa Equifax at maaari kayong magsampa ng sarili ninyong demanda laban sa Equifax batay sa kaparehong legal na mga paghahabol na isinaad sa demandang ito, ngunit kailangan ninyong maghanap ng sarili ninyong abugado sa sarili ninyong gastos upang kumatawan sa inyo sa demandang iyon. Kung iniisip ninyong piliin ang opsyong ito, maaaring nais ninyong kumonsulta sa isang abugado upang malaman ang inyong mga opsyon.

**MAHALAGA:** Magkakabisa sa inyo ang mga tuntunin ng Napagkasunduang Kasunduan maliban kung nagsumite kayo ng nasa tamang oras at nilagdaang nakasulat na kahilingan na hindi maisali sa kasunduan. Upang hindi sumali sa kasunduan, kailangan ninyong magpadala sa pamamagitan ng koreo ng "kahilingan sa hindi pagsali," na naka-postmark nang hindi lalagpas sa petsang **11/19/2019**, sa:

**Equifax Data Breach Class Action Settlement Administrator**
**Attn: Exclusion**
**c/o JND Legal Administration**
**P.O. Box 91318**
**Seattle, WA 98111-9418**

Kailangang naglalaman ang kasulatan na ito ng sumusunod na impormasyon:

(1) Ang pangalan ng kasong ito (*Tungkol sa: Equifax Inc. Customer Data Security Breach Litigation*, Kaso Blg. 1:17-md-2800-TWT, o kaparehong mga tumutukoy na salita gaya ng “Equifax Data Breach Lawsuit”);

(2) Ang inyong buong pangalan;

(3) Ang inyong kasalukuyang address;

(4) Ang mga salitang “Kahilingan sa Hindi Pagsali” sa itaas ng dokumento o isang salaysay na ayaw ninyong sumali sa kasunduan; at

(5) Ang inyong lagda.

**Kung hindi ninyo masusunod ang mga hakbang na ito at ang deadline ng hindi pagsali, mawawala ang anumang pagkakataon ninyo upang hindi isali ang inyong sarili mula sa grupo ng kasunduan, at kikilalanin ng Administrador ng Kasunduan ang inyong mga karapatan sa demandang ito kung maaprubahan ito ng Korte, at maaari kayong hindi na makabawi sa anumang iba pang napagkasunduang kasunduan tungkol sa mga paghahabol na inilabas bilang bahagi ng kasunduan**.

## PAGTUTOL O PAGKOMENTO SA KASUNDUAN

### 25. Paano ko sasabihin sa Korte na gusto ko o ayoko sa kasunduan?

Kung kayo ay Miyembro ng Grupo ng Kasunduan, mayroon kayong karapatang sabihin sa Korte kung ano ang saloobin ninyo tungkol sa kasunduan. Maaari kayong tumutol sa kasunduan kung sa tingin ninyong hindi ito patas, makatuwiran, o sapat, at maaari kayong magbigay ng mga dahilan kung bakit sa tingin ninyo na hindi dapat ito aprubahan ng Korte. Hindi kayo maaaring humiling sa Korte nang mas malaking kabayaran sa kasunduan; aaprubahan lamang o tatanggihan ng Korte ang kasunduan kung ano ang nakasaad dito.

Upang tumutol, kailangan ninyong magpadala ng sulat na naglalahad na kayo ay tumututol sa kasunduan. Kailangan kasama sa inyong sulat sa pagtutol ang:

(1) Ang pangalan ng kasong ito (*Tungkol sa: Equifax Inc. Customer Data Security Breach Litigation*, Kaso Blg. 1:17-md-2800-TWT, o kaparehong mga tumutukoy na salita gaya ng “Equifax Data Breach Lawsuit”);

(2) Ang inyong buong pangalan at kasalukuyang address;

(3) Ang inyong personal na lagda (hindi sapat ang lagda ng abugado);

(4) Pahayag kung bakit sa tingin ninyo na kayo ay miyembro ng grupo ng kasunduan;

(5) Pahayag na may kasamang mga dahilan kung bakit kayo tumututol, kasama ang anumang legal na sumusuporta sa inyong pagtutol;

(6) Pahayag na tumutukoy sa lahat ng kasunduan ng pagkilos ng grupo kung saan kayo ay tumututol sa nakaraang limang (5) taon; at

(7) Pahayag na kung nais ninyong humarap sa Patas na Paglilitis, personal man o sa pamamagitan ng abugado, at kung sa pamamagitan ng abugado, tukuyin ang pangalan, address, at numero ng telepono ng inyong abugado, at apat na petsa sa pagitan ng 11/19/2019 at 12/5/2019 sa panahon na available kayo upang alisin ng tagapagpayo ng Mga Partido.

Bilang karagdagan, kung may abugadong kakatawan sa ngalan ninyo at nais ng abogado ninyong magsalita sa Patas na Paglilitis, kailangang kasama sa inyong nakasulat na pagtutol ang:

(8) Detalyadong pahayag ng tukoy na legal at makatotohanang batayan para sa bawat pagtutol; at

(9) Detalyadong paglalarawan ng anuman at lahat ng ebidensya na maaari ninyong maibigay sa Patas na Paglilitis, kabilang ang mga kopya ng anuman at lahat ng exhibit na maaari ninyong maipakita sa Patas na Paglilitis.

Bilang karagdagan, kung may kakatawang abugado sa ngalan ninyo, at nais ng abugado ninyo na humingi ng kabayaran para sa kanyang serbisyo mula sa kaninuman maliban sa inyo, kailangang kasama sa inyong nakasulat na pagtutol ang:

(10) Pagkakakilanlan ng lahat ng abugadong kakatawan sa ngalan ninyo, kabilang ang sinuman nauna o kasalukuyang abugado na karapat-dapat sa kabayaran sa anumang dahilan na nauugnay sa pagtutol;

(11) Pahayag na nagtutukoy sa lahat ng pangyayari kung saan ang inyong abugado o kumpanya ng inyong abugado ay tumutol sa kasunduan ng pagkilos ng grupo sa paglilitis sa loob ng limang (5) taon; kasama ang pangalan ng kaso, numero ng kaso, at korte kung ssan isinampa ang kasunduan ng pagkilos ng grupo;

(12) Pahayag na nagtutukoy sa anuman at lahat ng kasunduan o kontratana na nauugnay sa pagtutol o sa proseso ng pagtutol—nakasulat man o sinasabi—sa pagitan ninyo, ng inyong abugado, at/o iba pang tao o grupo;

(13) Paglalarawan ng legal na background ng inyong abugado at nakaraang karanasan kaugnay sa paglilitis ng pagkilos ng grupo; at

(14) Pahayag tungkol sa kakalkulahin ba ang kabayaran ng inyong abugado batay sa lodestar, contingency, o iba pang paraan; tinatayang halaga ng mga kabayarang hinihingi; makatotohanan at legal na pagbibigay hustisya sa anumang kabayaran na hinihingi; ang bilang ng oras na ginugol na ng inyong abugado at tinatayang mga oras na gugugulin sa hinaharap; at halaga ng bawat oras ng abugado.

Upang maisaalang-alang ng Korte, kailangang electronic na maihain sa Korte ang inyong sulat sa pagtutol nang hindi lalagapas sa **11/19/2019** o maipadala sa pamamagitan ng koreo, ma-postmark nang hindi lalagpas sa **11/19/2019**, sa mga sumusunod na address:

**Equifax Data Breach Class Action Settlement Administrator**
**Attn: Objection**
**c/o JND Legal Administration**
**P.O. Box 91318**
**Seattle, WA 98111-9418**

**Kung kayo ay hindi makakasunod sa mga hakbang na ito at sa deadline ng pagtutol, maaaring mawala ang inyong pagkakataon na maisaalang-alang ang inyong pagtutol sa Patas na Paglilitis o kung hindi man upang malabanan ang pag-apruba ng kasunduan o upang umapela mula sa anumang mga utos o paghuhusga na ibinigay ng Korte kaugnay sa iminungkahing kasunduan. Karapat-dapat pa rin kayong makatanggap ng mga benepisyo ng kasunduan kung mapagpasyahan ang kasunduan kahit na tutol kayo sa kasunduan**.

May schedule na ang Korte para sa Patas na Paglilitis upang makinig at isaalang-alang ang anumang mga pag-aalala o pagtutol mula sa Mga Miyembro ng Grupo ng Kasunduan tungkol sa patas, sapat, at makatuwirang tuntunin ng Napagkasunduang Kasunduan. Magaganap ang paglilitis sa **12/19/2019 sa 10:00 a.m.** sa harap ni Honorable Thomas W. Thrash Jr., sa District Court ng Estados Unidos ng Northern District ng Georgia sa Courtroom 2108 ng Richard B. Russell Federal Building at United States Courthouse, 75 Ted Turner Dr., SW, Atlanta, Georgia 30303-3309. Maaaring malipat ang petsa at oras ng pandinig na ito. Maaaring tingnan sa website ng kasunduan sa, www.EquifaxBreachSettlement.com para sa abiso ng anumang mga pagbabago.

## PAGKUHA NG HIGIT PANG IMPORMASYON

### 26. Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa abisong ito o sa kasunduan, maaari kayong pumunta sa website ng kasunduan sa www.EquifaxBreachSettlement.com. Maaari ninyo ring tawagan ang Administrador ng Kasunduan sa **1-833-759-2982** o sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa **Equifax Data Breach Settlement, c/o JND Legal Administration**, P.O. Box 91318, Seattle, WA 98111-9418, para sa higit pang impormasyon o humingi ng kopya ng dokumentong ito na ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo. Kung nais ninyong makipag-usap nang direkta sa Tagapayo ng Grupo, maaari ninyo silang tawagan (nakalagay ang impormasyon na matatawagan sa itaas sa Tanong 21). Maaari rin kayong humingi ng payo at gabay mula sa inyong sariling pribadong abugado sa sarili ninyong gastos, kung nais ninyo.

Ang abisong ito ay buod lamang ng demanda at kasunduan. Ang iba pang kaugnay na dokumento ay makikita sa website ng kasunduan. Kung mayroon kayong mga tnong tungkol sa iminungkahing kasunduan, o nais na makatanggap ng kopya ng Napagkasunduang Kasunduan ngunit walang access sa Internet upang mag-download ng online na kopya, maaari ninyong tawagan ang Administrador ng Kasunduan. Hindi tutugon ang Korte sa anumang tanong tungkol sa abisong ito, sa demanda, o iminungkahing kasunduan.

***Mangyaring huwag tumawag sa Korte o sa Clerk nito***.